# KASAYSAYAN NG MILITANTENG KILUSANG PAGGAWA SA PILIPINAS

## (Pagkakabuo ng mga Unang Unyon Hanggang Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig) GTU 1995, EILER Inc.

**Editor: R.E. Felicia**

*Unang bahagi ng artikulo na nalimbag bilang Yunit 7 ng Gabay sa Tunay na Unyonismo (editor: R.E.Felicia), Eilier Inc. 1995. Muli itong inililimbag ng Bisig para higit na maipaliwanag ang napakahalagang papel ng mga manggagawa sa pagkakabuo ng mapanghimagsik na Katipunan at ang impluwensya nina Bonifacio at mga kasama sa pagkakabuo at oryentasyon ng mga unang unyon sa Pilipinas. Sa muling limbag na ito, isinama ang mga kalakip na talababa (footnote) na hindi naisama sa edisyon ng 1995. Mahalaga ang mga naiwaglit na talababa dahil lalo pa nitong nilinaw at binigyang detalye ang makabayang simulain at militanteng tradisyon ng mga unang unyon sa Pilipinas.*

*This is the the first part of a long article chronicling the history of the militatn trade union movement in the Philippines and is the revised and expanded version of the history module of the Basic Course on Genuine Trade Unionism. Originally published as chapter 7 of the Gabay sa Tunay na Unyonismo (editor: R.E. Felicia), EILER Inc. 1995, the first part is now republished to further contextualize the role of the workers and other toiling masses in trailblazing the struggle for Philippine independence and dialectically, the influence of the revolutionary tradition in shaping the orientation of the Philippine trade union movement. In this edition, footnotes and other important data which were not in the 1995 GTU book is now incorporated to give more details on the nationalist tradition and militant or even revolutionary tradition of the first and founding unions in the Philippines.*

*Key words: gremio, manggagawa, unyon, militante, UOD*

Ang kasaysayan ng kilusang paggawa ay kasaysayan ng magiting na paglaban ng uring manggagawa upang palayain ang uri at bayan sa dayuhan at lokal na mananakop. Kasaysayan din ito ng pakikipagtunggali ng tunay na unyonismo upang ilantad at gapiin ang dilawang unyonismo.

Ang makabuluhang pagsulong ng pakikibakang ito ay tuwirang nakaugnay sa kilusan para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Ang makabayan at mapanlabang diwa ng mga manggagawa ay hindi nakayang kitlin ng mga mananakop na Kastila, Amerikano, Hapon at kahit na ng mga gobyernong sinuhayan ng mga dayuhan. Sa harap ng dahas at panlilinlang, ang uring manggagawa ay nananatiling matatag - noon, ngayon at sa hinaharap.

Kasaysayan ang nagpapatunay sa militante at progresibong tradisyon ng mga unyon at kilusang manggagawa. Sa kasaysayan din mababakas ang hinaharap ng kilusang manggagawa.

## A. MULA SA MGA GREMIO [1] TUNGO SA MGA UNYON

Hati-hati sa mga barangay at walang pampulitikang pagkakaisa ang mga katutubong dinatnan ng mga Kastila.[2] Gayunman, malaganap na ang sistemang barter o palitan hindi lamang sa pagitan ng mga pulo kundi maging sa mga kalapitbayang tulad ng China, Japan at maging sa mga bansang Arabo sa Gitnang Silangan. Pagsasaka ang pangunahing ikinabubuhay subalit mayroon ding paghahayupan, paggawa ng alak, pagmimina, pagbubuo ng sasakyang-dagat at paghahabi. Mayroon nang sistema ng panulat at sariling kultura na mababakas sa sining at literatura. May mga ulat ding eksperto ang mga unang Pilipino sa pagmamanupaktura ng metal tulad ng kanyon at paggamit ng pulbura. Subalit sa pamamagitan ng "krus at espada" at ng kanilang noon ay modernong armas-pandigma, nasupil ng kolonyalistang Espanyol ang mga hiwahiwalay na paglaban ng mga katutubo.

Isang lipunang kolonyal at pyudal ang nabuo matapos na angkinin ng hari ng Espanya ang buong kapuluan. Sa kabuhayan, kaagad itinatag ng mga mananakop ang sistemang encomienda. Ang mga ordeng relihiyoso, mga institusyong pangkawanggawa at mga indibidwal na Espanyol na nagpakita ng katapatan sa hari ng Espanya ay ginantimpalaan ng malalawak na lupain. Ang mga magsasaka ay inagawan ng lupa o di kaya ay sapilitang pinagtrabaho sa lupain ng mga enkomendero.

Ang aning pinagpaguran ng mga magsasaka ay napunta lamang sa mga parasitikong kolonyalista sa anyo ng buwis. Bukod dito, ang mga magsasaka ay sapilitang pinagtrabaho sa mga gusaling pampamahalaan, pribadong tirahan ng mga kolonyalista, simbahan, kuta, lansangan, tulay, barkong galyon at pandigma.

---

1 Ang gremio ang sinasabing binhi ng unyonismo sa Pilipinas. Ito ay samahan sa pagtutulungan ng mga manggagawa. Karaniwan, ang mga grupo ay nabubuo batay sa kasanayan ng mga manggagawa at sa lugar na pinagtatrabahuhan. Lantad na gawain ng mga gremio ang paglahok sa pagdiriwang sa kapistahan ng patrong santo sa kanilang lugar.

2 Maliban marahil sa ilang bahagi ng bansa tulad ng Mindanao na noon ay organisado sa ilalim ng mga Sultanato.

Hindi tunay na umunlad ang ekonomya ng bansa sa ilalim ng mga Espanyol. Ang pangunahing hangad ng mga Espanyol ay makapagluwas ng ginto sa Espanya at kontrolin ang kalakalan.

Itinayo ng kolonyal na pamahalaang Espanyol ang isang ahensya na tanging makapaglulwas ng karamihan ay produktong agrikultural at mineral. Sa pagsasara nito noong 1815, ang pangunahing pinagkaabalahan nila ay kalakalang galyon sa pagitan ng Maynila at Acapulco, Mexico. Ang mga produktong mula sa Tsina at mga kalapit-bayan ay idinaong sa Maynila upang hakutin patungong Mexico. Ang mga kolonyalista lamang ang nakinabang sa kalakalang ito.

Sa kalaunan ay bumagsak din ang kalakalang galyon noong ika-18 siglo dahil sa pag-unlad ng industriyalisasyon sa iba pang bansang Europeo. Ang telang seda mula sa Tsina na ginagawang kalakal ay tinalo sa kumpetensya ng mga makabagong telang habi ng makina ng Ingglatera. Ang mga barkong Espanyol, kasama ang galyon, ay binulabog ng mga barkong Inggles na noon ay katunggali ng Espanya.

Ang pagkalugi ng Espanya ay binawi sa masang Pilipino. Pinatindi ang pagsasamantala sa mga magsasaka. Upang makahakot pa ng yaman, nagpatanim ng mga produktong panluwas tulad ng tabako, indigo, tubo, abaka at iba pa. Inihalili sa sistemang encomienda ang sistemang hacienda[3].

Sa sistemang ito, hindi lang ang pagpapalamon sa mga dayuhan ang naging suliranin ng mga magsasaka. Kailangan pa nilang umani ng mga produktong komersyal na iluluwas ng mga Espanyol. Dahil sa pagtatanim ng mga produktong panluwas, tumaas ang presyo ng lupa at lumala ang pangangamkam. Ang ganitong uri ng ekonomya ang nagbunsod sa pagtatayo ng mga kalsada, tulay at daungan para sa mabilis na pagluluwas ng mga produkto. Lalong lumaki ang pangangailangan para sa sapilitang paggawa.

---

3 Samantalang ang encomienda ang anyo ng pyudal na sistema ng paghahari ng kolonyalismong Espanyol, ang sistemang hacienda ang pagsisikap na umangkop sa merkantilismo o umuuusbong na kapitalismo laluna sa Europa. Unti-unting nalusaw ang produksyon para sa konsumo sa pangunahin habang ang itinutulak ay monocropping o produksyon para sa kalakal na mabili at kailangan sa pandaigdigang pamilihan. Marami ang nagsasabi na ang sistemang hacienda ang binhi ng malapyudal na katangian ng ekonomya ng bansa.

Sa harap ng tumitinding pagsasamantala at pang-aapi, nag-alsa ang mga magsasaka. Sa simula ay lumaban sila sa sapilitang paggawa. Sa kalaunan ay itinutok ang mga pag-aalsa laban sa pangangamkam ng lupa at laban sa monopolyo sa pagbebenta ng mga produktong komersyal. Ang mahigit na 200 hiwahiwalay na mga pag-aalsang ito sa panahon ng Espanyol ay naging ambag sa dakilang tradisyong rebolusyonaryo ng sambayanang Pilipino.

**1. Pagsilang ng Manggagawang Pilipino**

Sumilang ang uring manggagawa sa panahong unti-unti nang humihina ang kolonyalismong Espanyol sa Pilipinas. Ito rin ang panahong nahihinog na ang pyudalismo sa Pilipinas at sumisibol naman ang binhi ng kapitalismo.[4]

Noon ay sunod-sunod na ang pagkatalo ng Espanya sa pakikidigma nito sa mga bansang kapitalista tulad ng Ingglatera at Pransya. Binabayo rin sila ng mga pakikibaka ng mamamayan sa kanilang mga kolonya. Bunga nito, napilitan ang Espanya na buksan ang Pilipinas para sa mga bansang kapitalista na noon ay may malaking pangangailangan para sa hilaw na materyales at bentahan ng mga yaring produkto. Nagpasukan sa Pilipinas ang mga empresang Inggles, Amerikano, Aleman at Pranses. Lalo pang nag-ibayo ang pagdating ng mga dayuhang negosyante sa pagbubukas ng Suez Canal.

Lumawak ang lupaing taniman ng mga produktong panluwas at sumigla ang panloob na kalakalan. Ang mga bagong pasok na dayuhan ay nagsipagtayo ng mga pabrika ng alak, sigarilyo, tela at iba pa. Sumigla rin ang komunikasyon at transportasyon sa pagitan ng mga pulo, lalawigan at bayan dahil sa mga barkong pinatatakbo ng singaw, sa paglalatag ng mga riles ng tren, sa pagtatayo ng telegrapo at iba pa.

Noong ika-19 na siglo, ang mga manggagawa ay matatagpuan na sa mga riles, barko, daungan, asukarera, pabrika ng tabako at sigarilyo, imprenta, destilerya, pandayan at bodega. Tinatayang may mahigit na 20,000 manggagawa ang nasa industriya

4 Kabilang sa sinasabing palatandaan ng pagguho ng mga sentro ng kapangyarihang pyudal (Espanya, Portugal at iba pa) ang pagkatalo nito sa mga labanan para makontrol ang karagatan at mga kolonya. Madaling magapi ang mga galyon at sasakyang pandagat ng mga makabagong barkong pandigma ng mga kapitalistang bansa tulad ng Pransya at Inglatera.

ng tabako. Halos 3,000 manggagawa naman ang nasa malalaking pabrika ng sigarilyo. Ang kababaihang manggagawa ay karaniwang mga cigarreras, bordaderas at sinamayeras.

Ang mga manggagawa ay nagtayo ng mga gremio o lihim na samahan para sa pagtutulungan (mutual aid societies) simula noong 1861. Ang mga samahan noon ay may katangiang kapatiran. Ang pangunahing layunin ay tulungan ang mahihirap na kasapi mula sa isang pondo. Ang mga tanyag na samahan noong katapusan ng ika-19 siglo ay ang Gremio de Obreros de Sampaloc, Gremio de Escultero (sculptors) del Barrio de Sta. Cruz, Gremio de Carpinteros at Gremio de Impresores y Litograficos.

Hindi naglaon, ang mga ito ay naging mga lihim na unyon at ang mga manggagawa ay nagsimulang humiling ng mas mataas na sahod, mas maikling oras ng trabaho at makataong kalagayan sa paggawa. Sa iba't ibang pagawaan, maraming manggagawa ang mabilisang namulat sa pangangailangang magkaisa at lumaban.

Noong Enero 1872[5], nag-alsa ang mga manggagawa at estibador sa isang pagawaan ng barko sa Cavite upang tutulan ang biglang pagbawi sa mga dati nang prebilihiyong nakamit ng mga manggagawa. Matapos supilin, isinangkot ng mga kolonyalistang Espanyol sa pag-aalsang ito at hinatulang mamatay ang tatlong paring Pilipino na sina Gomez, Burgos at Zamora.

Sa taon ding ito (1872) naganap ang sinasabing kaunaunahang welga sa bansa nang mag-walk out ang mga manggagawa sa isang imprentang pag-aari ng gobyerno. Nagprotesta ang mga manggagawa sa pangunguna ng Gremio de Impresores sa pang-aabuso ng capataz (foreman) sa palimbagan ng kolonyal na gobyernong Espanyol sa San Fernando, Pampanga. Mga impresores (manggagawa sa imprenta) din ang nagpasimuno ng welga sa palimbagan ng El Heraldo Militar ng gobyernong Espanyol sa Escolta, Maynila noong 1893.

Nagsimula na ring mag-organisa ang mga kababaihan sa mga panahong ito. Noong 1893, itinatag ang Logia de Adocion,

5 Noong ika-20 ng Enero 1872, nag-alsa ang mga manggagawa sa pantalan kasama ang mga sundalo sa Fort San Felipe, isang arsenal ng kolonyalistang Espanyol sa Cavite. Ang pag-aalsa ay bunga ng utos ni Gobernador Heneral Rafael de Izquierdo na magpataw ng mga bagong buwis at ipailalim ang mga manggagawa at sundalo sa polo y servicio o pwersahang pagpapatrabaho.

isang yunit ng Mason na binubuo ng mga kababaihan. Ito ang isa sa mga unang pagkakataong nag-organisa ang kababaihan sa sariling hanay.

**2. Rebolusyon ng 1896 at Pananakop ng mga Amerikano**

Kakambal na isinilang ng proletaryong Pilipino ang uring burgesya. Sila yaong karaniwang nangungupahan sa lupain ng mga prayle at nakalalahok sa kalakalan. Dahil nakaaangat sila sa kabuhayan, nakaya nilang makapagpaaral ng kanilang mga anak dito sa Pilipinas at sa ibayong dagat. Sila ang pinagmulan ng katutubong intelehensya o ilustrado.

Tulad ng mga manggagawa, ang mga katutubong kapitalistang ito ay dumanas din ng pang-aapi at pagsasamantala sa kamay ng mga Espanyol. Tinaasan sila ng buwis sa kalakalan, kota sa produksyon at interes sa utang. Dinanas din nila ang makalahing diskriminasyon.

Nagmula sa hanay nila ang mga ilustradong pari na nanguna sa kilusan na naghahangad ng sekularisasyon at Pilipinisasyon ng simbahan. Sila rin ang nanguna sa kilusang propaganda laban sa mga Espanyol. Dito tumampok ang mga pangalang tulad ng Rizal, Lopez-Jaena, del Pilar at iba pang mga repormista na nagtatag ng La Solidaridad at La Liga Filipina.

Tutol sa rebolusyon ang kilusang reporma na nagbandila ng mapayapang paraan ng pagbabago sa lipunan. Sa halip na ipaglaban ang kalayaan ng Pilipinas, hiniling nilang maging probinsya ng Espanya ang Pilipinas upang magkaroon ng kinatawan ang Pilipinas sa Cortes, ang parlamento ng Espanya.

Subalit para sa mga anakpawis, ganap na kalayaan at kasarinlan mula sa dayuhang mananakop ang kailangang ipaglaban. Nakakita ng liwanag ang bayan nang itatag ng mga anakpawis, sa pangunguna ni Andres Bonifacio[6], ang Kataastaasan

6 Magiging napakahalaga ng papel ni Gat Andres Bonifacio at sa kinakatawannitong simulain sa mga sumunod na salinlahi ng mga aktibista at rebolusyonaryo. Sa pulong pagtatatag ng Kabataang Makabayan na itinayo sa kaarawan ni Bonifacio noong Nobyembre 30, 1964, binigkas ni Jose maria Sison sa kanyang talumpati na.. "Si Andres Bonifacio ang disiplinadong aktibistang rebolusyonaryo na naghanap at nakatuklas sa rebolusyon bilang tanging proseso na makakapagbigay ng ganap na ekspresyon sa mga adhikaing pambansa't panlipunan ng ating bayan na matagal nang sinupil ng isang dayuhang

Kagalanggalangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan (KKK o lalong kilala bilang Katipunan) noong 1892. Ang pangunahing layunin ng Katipunan ay ang lubos na kalayaan para sa Pilipinas. Ang pamamaraan upang makamit ang adhikaing ito ay armadong pakikibaka.

Bahagi ang Katipunan ng mahabang tradisyon ng pakikipaglaban ng mga anakpawis laban sa kolonyalismo at pyudalismo sa Pilipinas. Ito ang rurok ng mahigit na 300 putaputaking pag-aalsa ng mamamayan at pag-aaklas ng mga manggagawa gaya noong sa daungan ng Cavite at imprenta sa Pampanga at Escolta.

Aktibong lumahok sa mga gawain ng Katipunan ang mga manggagawang nasa imprenta, daungan at bodega[7]. Ang mga gremio tulad ng gremio de impresores sa palimbagan ng Unibersidad ng Sto. Tomas (UST) ang palihim na nag-imprenta ng Kalayaan, ang opisyal na pahayagan ng Katipunan. Ang mga unang armas ng rebolusyon ay ipinuslit ng mga trabahador sa La Maestranza, isang pagawaan ng armas-pandigma. Mula sa pagkakatatag hanggang sa tahasang labanang militar ng Katipunan sa mga Espanyol, ang mga anakpawis ang matatag na tumangan ng armas. Kahit nagpatawing-tawing ang mga ilustrado, buong giting na isinulong ng Katipunan ang Rebolusyon ng 1896 at sa pagpasok ng 1898, unti-unting napaurong ang mga Espanyol.

---

kapangyarihan na pinaganda ng malambot at paiwas na mga termino ng mga repormistang liberal. Si Andres Bonifacio ang matatag na lider na hindi lamang nabigyang inspirasyon ng mga pag-iisip at pormulasyon ng Kilusang Propaganda kundi handa ring kumilos kasama ng sambayanan sa armadong pakikibaka laban sa tiranya sa sandaling bumangga sa puting pader ng kawalang pag-asa. Sa gayon, si Andres Bonifacio sa ngayon ang modelo ng rebolusyonaryong militansya ng mga kabataang Pilipino at ng mga tagapagtaguyod ng pambansang demokrasya. Ang kanyang rebolusyonaryong katapangan ang ating sulo. Kung magtatagumpay ang Kabataang Makabayan sa makabayang misyon nito, ang isang importanteng rekisitong kailangang matutugunan nito ay ang pagtataglay ng rebolusyonaryong katapangan ni Andres Bonifacio, ang katapangang nagbibigay buhay at lakas sa mga prinsipyong atin ngayong itinataguyod sa kapanahunang ito".

7 Maraming datos ang ibinahagi dito ni Ka Dante Ambrosio, primera klaseng historyador ng kilusang manggagawa at kolumnista din sa Datos, babasahing pangmanggagawa ng EILER. Sa kanyang akdang Sentenaryo ng Kilusang Manggagawa, "… pinakaaktibong Katipunero ang mga manggagawa sa imprenta ng El Diario de Manila.. sa paggawa ng unang isyu ng Kalayaan (pahayagan ng Katipunan), nag-ambag ng mga kulang na letra o tipo ang mga trabahador para mabuo ang pahayagan. Sa labanan sa Sta. Mesa sa pagsisimula ng himagsikan noong Agosto 29-30, 1896, isang grupo ng mga manggagawa ng lubid sa pamumuno ng may-aring si Sancho Valenzuela ang aktibong lumahok sa pag-aalsa. Sa pakikipag-ugnayan ng mga rebolusyonaryo, malaki ang nagawa ng mga tripulante ng mga barkong nagpaparoo't nagpaparito sa Maynila at sa mga isla ng Pilipinas. Ang ilang tripulanteng kasapi ng Katipunan ang nagsilbing tagadala ng mensahe sa pagitan ng mga rebolusyonaryo sa Luzon at Bisaya.

Dahil ang mismong mga anakpawis sa loob ng Katipunan ay wala pang matatag na ideolohiyang proletaryo, naagawan ng mga ilustrado sa pamumuno ni Aguinaldo, ang liderato ng Katipunan sa kumbensyon sa Teheros. Lubusang nangibabaw ang mga ilustrado sa pamumuno sa rebolusyon matapos ang pagpatay kay Bonifacio. Sa dakong huli, ang lideratong ilustrado ang nagkanulo sa rebolusyon, mula sa kompromiso sa Biak-na-Bato hanggang sa pagpasok ng mga Amerikano sa Pilipinas noong 1898.[8]

Hindi totoong nagpunta sa Pilipinas ang mga Amerikano upang "iligtas" tayo sa kamay ng mga Espanyol. Ang tunay na dahilan ay naghangad sila noon ng mga kolonya na maaaring pagkunan ng mga hilaw na materyales, mapagtatambakan ng mga yaring produkto at pakinabang sa murang lakas-paggawa. Ito ang kalagayang nagtulak sa Amerika upang makipagdigma sa Espanya na noon ay dumaranas ng sunod-sunod na pagkatalo sa kamay ng rebolusyonaryong Katipunan.

Ang mga bagong pangangailangang pang-ekonomyang ito ng Amerika ay ibinunsod ng mga panloob na pangyayari sa Estados Unidos mismo. Napakabilis ng kumpas ng industriyalisasyon sa Amerika. Ang mga dating maliliit at katamtamang industriya ay nilamon ng mga dambuhalang monopolyong kompanya. Ang kontrol ng mga monopolyo-kapitalista ay sumaklaw hindi lang sa mga industriya kundi pati sa mga bangkong pinagkukunan ng puhunan. Ang resulta ay unti-unting natipon sa kamay ng iilang pamilya ang kontrol sa ekonomya ng Estados Unidos.

Dumanas ng krisis ang sistemang kapitalista sa US dahil sa labis-labis na produksyon, kakambal ng kakapusan sa hilaw na materyales. Liban dito, lumiit ang tinutubo ng mga kapitalista dahil sa papakitid na larangang mapaglalagyan ng kanilang puhunan. Palatandaan ang mga salik na ito ng pag-unlad ng kapitalismo tungong imperyalismo. Ang mga ito ang nagtulak sa US upang sakupin at gawing kolonya ang Pilipinas. Bago pa ang aktwal na

8 Sa loob ng maikling panahon ng rebolusyonaryong pamahalaang Aguinaldo, nagwelga ang mga manggagawa sa imprentang pinangangasiwaan ng gobyerno. Tinutulan ng mga impresores ang pang-aabuso ng isang capataz at humingi ng mas mabuting kalagayan sa paggawa. Sa halip na gawing dahilan ang digmaan para ipagkait ang hinihiling ng mga manggagawa, sila ay inayunan ni Heneral Antonio Luna. Wika ni Luna: "Tunay na tayo'y para sa karangalan, kalayaan at kasaganaan ng mamamayang Pilipino. Wala akong makitang dahilan upang hindi natin ipagkaloob ang kahilingan ng mga nagsisipagwelga kung tayo ay para sa ikauunlad ng manggagawang Pilipino."

pagsakop, binili ng US ang Pilipinas sa Espanya sa halagang $20 milyon sa Treaty of Paris noong Disyembre 1898.

Sinakop ng imperyalismong US ang Pilipinas sa pamamagitan ng dahas at panlilinlang. Una, inakit ng mga Amerikano ang lideratong Aguinaldo sa pamamagitan ng pangakong "tutulong ang Amerika sa paglaban sa Espanyol." Sumunod dito, pinawalan naman nila ang kontrarebolusyonaryong dahas laban sa mga Pilipino.

Ang pagsuko nina Aguinaldo at iba pang lider-ilustrado sa mga Amerikano ay hindi nangahulugan ng pagtigil ng armadong pakikibaka ng sambayanan. Halos isang dekada pa ng kalat-kalat, ngunit magigiting na mga paglaban ang inilunsad ng mga dakilang pinuno at kasapi ng rebolusyonaryong pwersa. Anupa't bago nasabing napagwagian ng Amerika ang digmaang Pilipino-Amerikano, 126,468 tropang Amerikano ang nagamit laban sa 7 milyong Pilipino. Ang mga mananakop ay nagtamo ng 4,000 patay at 3,000 sugatan samantalang may 200,000 mandirigmang Pilipino at higit sa 50,000 sibilyan ang nasawi sa digmaan.

Matapos silang magwagi sa larangan ng pulitika, pinatatag naman ng kolonyalismong US ang kontrol nito sa ekonomya. Sa pakikipagsabwatan ng mga taksil na ilustrado sa burukrasya, inilatag ng mga bagong mananakop ang pundasyon ng isang kolonyal na ekonomya sa pamamagitan ng mga di-pantay na kasunduan sa pagitan ng US at Pilipinas. Ang kabuhayan ng bansa ay hinubog para tumugon sa mga pangangailangan ng ekonomya ng US.

Sa halip na paunlarin ang binhi ng kapitalismo, lalo pa nitong pinatindi ang atrasado at agraryong kalagayan ng bansa. Pinanatili, pinatatag at pinalaganap pa ang pyudalismo at mala-pyudalismo sa Pilipinas. Ito ay upang matiyak ang suplay ng mga hilaw na materyal patungong US. Pinag-ibayo ang mga malawakang pagsasaka sa mga asyenda tulad ng abaka, kopra at tubo.

Kapalit ng paghahakot ng hilaw na materyales sa Pilipinas, itinambak naman ng US ang mga sobra nitong produkto sa lokal na pamilihan. Isa-isang nagbagsakan ang mga katutubong industriya at nadomina ang mga ito ng mga korporasyong dayuhan, laluna ng mga Amerikano.

Nagpatayo ang US ng minahan, asukarera, pabrika ng kopra at pagawaan ng lubid. Halimbawa ang itinatayong pabrika ng

kopra sa Cebu na noon ay pinakamalaki sa dulong Silangang Asya. Ang mga lagarian na pinatatakbo ng singaw ay dumami mula 3 hanggang 40. Ang konstruksyon ng mga makabagong asukarera ay sinimulan noong 1912. Dumami ang mga manggagawa sa daungan, konstruksyon, riles, lagarian at iba pang pagawaan.

Sa pagitan ng mga taong 1914-1918, may naitayong mga 50 maliit na pagawaan ng tabako, 40 planta ng kopra at 23 asukarera.

## B. MILITANTE AT REBOLUSYONARYONG UNYONISMO

Lumaki ang bilang ng mga manggagawa dahil sa pagtatayo ng marami pang pabrika at magagaang na industriya.

Batay sa sensus na isinagawa ng mga Amerikano noong 1939, mula sa 16 na milyong populasyon ng Pilipinas, matatagpuan sa industriya ang 570,000 manggagawang Pilipino. Ang mga manggagawa sa serbisyo ay bumilang ng 550,000. Pinakamalaki ang bilang sa agrikultura na mayroong 3,300,000 (mga pana-panahong sakada ang karamihan, at mga regular sa mga plantasyon ang iba). Ang kabuuang tayang bilang ng mga manggagawang Pilipino noong 1939 ay aabot sa 4,400,000 manggagawa.

Sa buong panahon ng paghahari ng kolonyalismong US, hindi tinantanan ng lumalawak na kilusang manggagawa ang mananakop na Amerikano. Iginiit ng mga manggagawa sa kalunsuran ang kalagayan ng bayan samantalang nagpatuloy ang hiwahiwalay na sandatahang pag-aalsa ng mga magsasaka at iba pang mamamayan sa kanayunan.

Samantala, napanday ang uring manggagawa sa iba't ibang panig ng daigdig at lumaganap ang samutsaring kaisipang sosyalismo na noon ay mainit na isinusulong sa Europa. Inihatid ang mga sosyalistang kaisipang ito ng mga babasahing ipinuslit sa Pilipinas ng mga intelektwal tulad nina Isabelo de los Reyes (Don Belong). Bumalik si Don Belong sa bansa matapos siyang ipatapon ng mga Espanyol sa Espanya dahil sa kanyang makabayang pagkilos. Dala niya ang isang bunton ng mga sulating sosyalista.

### 1. Union Obrero Democratica (UOD)

Agad nakipag-ugnayan si Don Belong sa iba pang lider manggagawa tulad ni Herminigildo Cruz, isang cajista at minervista sa imprenta at beterano ng welga noong 1899. Nagtawag sila ng

pulong ng mga unyon at gremio sa imprenta, at itinatag ang Union Impresores de Filipinas (UIF) noong Enero 1, 1902. Sa pulong ding ito, kinilala nilang "ang mga manggagawa rin ang magpapalaya sa uring manggagawa."

Naging tuntungan at nagsilbing base ang UIF sa pagtatayo ng kaunaunahang pederasyon sa Pilipinas. Noong Pebrero 2, 1902 (isang buwan matapos mabuo ang UIF), itinatag ang Union Obrero Democratica (UOD) sa Cine Variadades sa Sampaloc, Maynila. Nahalal sina Don Belong bilang pangulo at Cruz bilang pangalawang pangulo. Sinumpaan ng mga kasapi ng UOD ang pagsusulong hindi lamang ng karapatan at kagalingan ng mga manggagawa, kundi ang pagkakamit ng kalayaan ng bansa mula sa kolonyalismong US.

Mabilis na lumawak ang kasapian ng UOD. Noong Hunyo 1902, libo-libong manggagawa na ang kasapi nito mula sa mga unyon at gremio hindi lamang ng mga impresores kundi maging sastre, sapatero, mga manggagawa sa lubid at industriya ng tabako. Ilang welgang pampabrika ang naganap bago ang paglulunsad ng UOD ng pangkalahatang welga matapos na tumanggi ang pamahalaang US sa kanilang kahilingang itaas ang sahod.

Hulyo at Agosto 1902, nang sabay-sabay na huminto sa pagtatrabaho ang mga manggagawa sa iba't ibang pagawaan sa Maynila at karatig-pook. Binansagang "anarkista" at "subersibo" ang UOD, at sinupil ng mga kolonyalistang Amerikano ang welga. Hinuli at ikinulong si Don Belong sa paratang na sedisyon at rebelyon. Subalit sa korte, ang ginamit na batas sa paglilitis ay ang dating Kodigo Penal ng mga Espanyol.[9] Ginamit na testigo laban kay Don Belong ang ilang ahente ng gobyernong nagpanggap na welgista.

Matapos ang dalawang buwang pagkakulong, pinatawad si Don Belong ng Amerikanong Gobernador-Heneral Howard Taft. Paglabas niya sa bilangguan, umiwas na siya sa kilusang paggawa at nagbitiw sa UOD upang magkonsentra sa gawaing simbahan sa Iglesia Filipina Independiente.

9 Ayon sa artikulo 453 ng Spanish Penal Code: "... sinumang nagsasama-sama upang itaas o ibaba ang presyo ng paggawa.... ay parurusahan ng arresto mayor (pagkabilanggo nang hindi kukulangin sa isang buwan at kalahati at hindi lalabis sa anim na buwan)..."

## 2. Union Obrera Democratica de Filipinas (UODF)

Hindi namatay ang UOD sa pagkawala ni Don Belong. Agad na nagtipon ang mga kasapi ng pederasyon at muli itong binuhay sa ibang pangalan--- ang Union Obrero Democratica de Filipinas (UODF). Nahalal bilang kapalit ni Don Belong si Dr. Jose Maria Dominador Gomez at nanatiling pangalawa si Cruz. Ibinandila ng UODF ang pagsusulong ng isang "masigla at buhay na nasyonalismo laban sa anumang hugis ng imperyalismo, laban sa panlulupig."[10]

Lalong nag-ibayo ang paglawak ng kasapian ng UODF. Pinatunayan ito sa mainit na pagtangkilik ng mga manggagawa sa mga panawagan ng pederasyon. Noong Mayo 1, 1903, sa kabila ng pagkakait ng permiso, ginanap ng UODF ang unang pagdiriwang ng Mayo Uno sa Pilipinas. Nagmartsa ang 100,000 manggagawa patungong Malacañang habang sumisigaw ng "Kamatayan sa Imperyalismong Amerikano!".

Ilang linggo matapos ang makasaysayang demonstrasyon sa Malacañang, sinalakay ng mga konstabularyong Pilipino at tropang Amerikano ang bahay ni Gomez at ang imprenta ng Los Obreros, pahayagan ng UODF. Kinumpiska ang mga dokumento at ilang literaturang sosyalista at ginamit na ebidensya laban sa kanya. Tulad ni Don Belong, kinasuhan si Gomez ng sedisyon at ilegal na pagtitipon at hinatulang mabilanggo ng may sapilitang paggawa sa Corregidor.

Sa kabila nito, patuloy pa ring nabahala ang kolonyal na pamahalaang Amerikano. Ipinakita ng karanasan ng UOD at UODF na hindi mapipigil ng dahas at panunupil ang pakikibaka ng militanteng kilusang manggagawa. Kaya bukod sa dahas, bumaling ang mga Amerikano at mga lokal na kasabwat nila sa taktika ng pang-iintriga, panunuhol, panghahati sa kilusang paggawa at paggamit ng mapanlinlang na batas.

Hinikayat ng pamahalaang Amerikano ang pagtatayo ng maka-Amerikanong organisasyong "pangmanggagawa" sa layong ilihis ang mga manggagawa sa makabayan at militanteng landas.

---

10 Mula sa talumpating pang-inagurasyon ni Gomez, Setyembre 1902, sa Cine Obrero sa Sampaloc.

Sa pamamagitan ng dilawan at konserbatibong American Federation of Labor (AFL), sinulsulan si Lope K. Santos upang itayo ang Union del Trabajo de Filipinas (UTF). Inihasik ng UTF ang kaisipang "dapat ihiwalay ang pambansang usapin sa pampabrikang pakikibaka ng uring manggagawa." Ipinalaganap nitong "iisa at nagkakaisa ang interes ng manggagawa't kapitalista."

Itinayo rin ng pamahalaang Amerikano ang Bureau of Labor noong 1908 at binigyan ito ng kapangyarihang magrekomenda ng mga patakarang pipigil sa welga. Unti-unting nagsabatas ang mga kolonyalista ng mga regulasyong naglilimita sa pag-uunyon.

**3. Congreso Obrero de Filipinas (COF)**

Ngunit kahit na ang panlilinlang ay hindi nagawang pumigil sa militansya ng mga manggagawa. Tinuligsa ng mga tapat na lider-manggagawa ang UTF at ang pakikipagsabwatan nito sa mga Amerikano. Patuloy pa rin ang pag-oorganisa sa kabila ng panunupil at restriksyon ng mga batas-paggawa. kahit nawala ang UODF, nagbigay ito ng inspirasyon sa mga manggagawa na tanging sa pagkakaisa lamang maigigiit ang mga kahilingan.

Bagaman nanahimik sa pangkalahatan ang kilusang manggagawa sa pagkakalansag ng UOD-UODF, nanatiling aktibo ang mga unyong kasapi laluna sa UIF. Sa pamamagitan ng kanilang pahayagang Timbulan, matatag na nakipagtunggali ang UIF sa baluktot na kaisipan ng UTF at ng mga dilawang lider.

Noong 1906, muling inilunsad ang Union de Impresores bilang pambansang unyon. Nahalal sina Felipe Mendoza bilang pangulo at Crisanto Evangelista na kalihim-pangkalahatan. Pumutok din ang mga welga sa ilang industriya tulad ng pangkalahatang welga ng Union de Marinos de Filipinas noong 1908. Makaraang mabuo ang pambansang unyon ng mga manggagawa sa imprenta, ibinaling naman nina Cruz ang pag-oorganisa ng mga manggagawa sa tabako na nagresulta sa pagkakabuo ng Union de Tabaqueros de Filipinas.[11]

---

11 Sa isang pulong ng mga manggagawa sa tabako, ipinahayag ni Cruz ang ganito: " Itinuturo ng karanasan ko sa UIF na dapat na unyong industriyal ang maging pundasyong pang-organisasyon ng isang tunay na unyon. Hindi ito ang naging pundasyon ng UODF. Iniisip kong dapat nating gawing unyong industriyal ang iba't ibang unyon sa mga pabrika ng tabako. Nagawa ito ng mga tagalimbag at magagawa rin ito ng mga manggagawa sa tabako."

Noong Pebrero 1913, nagkita-kita ang mga lider-obrero sa Hotel de France upang gunitain ang anibersaryo ng UOD. Sa pulong na ito, pinagkaisahan ang pagdaraos ng konggreso at pagtatag ng isang bagong organisasyon. Noong Mayo 1-4, 1913, ginanap ang konggreso ng pagtatatag sa Congreso Obrero de Filipinas (COF) sa Cine Oriente at dinaluhan ng 155 delegado mula sa 35 organisasyon. Ilan sa mga tampok na resolusyon sa konggreso ang 8 oras na paggawa, pagbabawal ng pagpapatrabaho sa mga bata, proteksyon para sa kababaihang manggagawa at pagtuligsa sa American Federation of Labor (AFL) sa diskriminasyon sa lahi. Ipinagpatuloy ng COF ang pagtuligsa sa panunupil ng pamahalaang Amerikano sa kilusang manggagawa at iginiit nito ang ganap na kalayaan ng bansa. Lumabas din ang unang isyu ng Tambuli, ang pahayagan ng COF.

Muling bumwelo ang kilusang manggagawa sa pagkakatatag ng COF. Sa pamumuno nito, ang maliliit na gremio ay naging matatatag na unyon. Muling sumigla at lumaganap ang kilusang welga. Noong 1918, 84 welga ang naganap at nilahukan ng 16,000 manggagawa kumpara sa 17 welga na kinasangkutan ng 4,000 manggagawa noong 1917. Noong 1921, 20,000 manggagawa ang sumama sa mga pagkilos at nang sumunod na taon, 15,000 manggagawa naman. Bagaman ang mga pagkilos na ito ay hindi gaanong organisado, 51 sa loob ng 58 kaso laban sa mga kapitalista ang napagwagian ng mga manggagawa.

Tampok sa mga pagkilos na ito ang aksyon ng mga manggagawa sa imprenta. Sa pangunguna ng UIF-COF, nagsampa ang impresores ng pangkalahatang petisyon sa gobyerno noong 1918 para itaas ang sahod. Sa tatag ng pagkakaisa at kahandaang magwelga ng mga manggagawa, napwersang itaas ng mga kapitalista at gobyerno ang sahod ng 50 hanggang 100%.

Pinamunuan din nina Evangelista, Cruz at Mendoza ang pangkalahatang welga bilang protesta sa pang-aalipusta ng mga Amerikano. Noong taong 1918 din, nagwelga ang mga manggagawa nang insultuhin ng mga pahayagang pag-aari ng Amerikano ang mga Pilipino na “walang kakayahan sa sariling pamamahala”. Ang panlalait na ito ay nagpaalab sa damdamin ng mga manggagawa, laluna sa palimbagan, upang magsagawa ng welga. Natapos lamang ang pangkalahatang welga nang bawiin ng mga pahayagang nabanggit ang kanilang mga sinabi.

Nang sumunod na dekada (1920-1930), higit pang nakapag-ipon ng lakas at napanday ang mga nakikibakang manggagawa. Dumalas at dumami ang mga welga. Nag-aklas ang mga manggagawa sa maraming pagawaan ng sigarilyo, sa daungan sa Iloilo, sa trosohan sa Negros Occidental, sa mga asukarera sa Negros, Pampanga at Laguna. Pumutok ang welga sa mga perokaril at transportasyon, sa pabrika ng niyog ng Franklin Baker, sa Manila Gas Company, sa pagawaan ng pagbuburda sa Maynila, at sa mga kiskisan ng palay sa Nueva Ecija. Nagkaroon ng mga welga sa minahan sa Ilocos, sa pataniman ng abaka sa Davao at sa daungan ng Iloilo.

Noong 1924, umabot na ang kasapian ng COF sa 90,000 na may 145 rehistradong unyon mula sa dating 42,000 manggagawa ng 31 rehistradong unyon noong 1919. Tumampok ang COF dahil sa malalaking pagkilos at welgang kinasangkutan nito tulad ng madugong welga sa Meralco noong 1919, ang mainit na pagtatalo tungkol sa kalagayan ng migranteng manggagawa sa Hawaii noong 1924 at ang welgang pang-industriya ng mga manggagawa ng tabako noong Disyembre 1928.

Sa nakararaming welga, iginiit ng mga manggagawa ang pagtataas ng sahod at pagpapairal ng magandang kalagayan sa paggawa laluna sa pagsunod sa batas ng 8 oras na pagtatrabaho. Inilunsad din ang mga welgang sumuporta sa iba pang welga at mga aklasan para ibalik ang mga manggagawang tinanggal at magkaroon ng negosasyon. Ang mga ito ay tanda ng paglakas ng kilusang unyonismo sa buong bansa.

Naging isa sa pinakamasisiglang bahagi ng kilusang manggagawa ang kababaihan. Sa industriya ng tabako na pinakamalaking industriya ng panahong iyon, ang kababaihan ay masigasig na kalahok sa mga unyon at kilos-protesta. Nabuo ang mga unyong tulad ng Union de Cigarilleras La Alejandria at Tobacco Women's Labor Union. Tumampok ang papel ng mga babaeng organisador at pinuno ng unyon.

Nagbigay ng lakas ng loob ang magiting na pakikibaka ng COF sa iba pang manggagawa. Parang kabuteng nagsulputan ang iba't ibang samahang pangmanggagawa na may iba't ibang layunin at paniniwala. Isa na ang makakapitalistang lider ng COF na si Joaquin Balmori na bumuo ng sarili niyang Federacion del Trabajo de Filipinas noong 1917. Bago ito, kumalas din ang mga pulitiko sa

loob ng COF at binuo ang Asemblea Obrera. Nabuo din ang mga grupong tulad ng Legionarios del Trabajo at Labi ng Katipunan.

Sa kabilang banda, unti-unti ring lumakas at nabuo ang organisasyon ng mga magsasaka. Nabuo ang Unyon ng Magsasaka sa Bulacan noong 1917. Makalipas ang 2 taon, itinatag ang Anak-Pawis sa 5 bayan ng Pampanga at ang Union de Aparceros de Filipinas sa Bulacan. Noong Agosto 22, idinaos sa Maynila ang unang konggreso ng Katipunan ng mga Manggagawa at Magsasaka sa Pilipinas (Confederacion Nacional de Aparceros y Obreros Agricolas de Filipinas). Kinondena sa konggreso ang malupit na sistemang kasama, usura at iba pang pagsasamantala ng mga panginoong maylupa at kolonyal na gobyernong Amerikano.

Noong Hulyo 1924, nabuo ang Partido Obrero de Filipinas na naging kaunaunahang pagtatangka ng mga manggagawa na magtayo ng partidong pampulitika. Ito ay bilang pagtutol ng mga progresibong lider ng COF laban sa pagmamaniobra ng ilang lider para itaguyod ng pederasyon ang Partido Nacionalista, isang partidong elektoral ng mga lokal na kapitalista at panginoong maylupa. Ang pagtutol ay pinamunuan nina Evangelista, Antonino Ora at mga progresibong kasapi ng COF. Sa panahong ito nagkaroon ng mas mahigpit na ugnayan ang mga manggagawang Pilipino sa kilusang manggagawa sa ibang bansa tulad ng Tsina, Australia, Indonesia, France, Russia at iba pa. Naisalin at lumaganap din sa bansa ang mga sosyalistang akda nina Marx at Engels na naglagom ng mahabang karanasan ng pakikibaka ng uring manggagawa sa buong daigdig. Ang Partido Obrero ang nanguna sa pag-uugnay ng COF sa pandaigdigang sosyalistang kilusang Pan-Pacific Trade Unions Secretariat (PPTUS) noong 1927. Nagpadalo rin ng kinatawan ang COF sa mga pandaigdigang pagpupulong ng mga manggagagawa sa Canton, Shanghai, Moscow at Berlin.

Subalit ito rin ang panahong lalong tumindi ang impluwensya ng burgis na pulitika at dilawang unyonismo sa kilusang paggawa. Sa loob mismo ng COF, unti-unting nagkakahugis ang dalawang kampo. Ang grupo ng mga progresibo na pinangunahan nina Evangelista, Ora at iba pang lider-manggagawang beterano ng mga welga at naunang mga militanteng pederasyon. Ang kabila naman ay ang pangkat nina Isabelo Tejada, Ruperto Cristobal at Antonio Paguia. Sa mga panahong ito, si Cruz ay napatahimik na ng gobyerno nang mahirang na pinuno ng Bureau of Labor.

Ikinasindak ng mga konserbatibo at dilawang lider ng COF ang paglaki ng impluwensya ng mga lantarang sosyalistang lider tulad nina Evangelista, Ora at Jacinto Manahan. Nang dumalo sa isang pandaigdigang kumperensya ang mga progresibong lider noong 1928, pinagplanuhan ng pangkating Tejada-Cristobal-Paguia ang pagtanggal kina Evangelista sa pamunuan ng COF.

Humantong ito sa mainitang pagtatalo sa kongreso ng COF noong Mayo 1, 1929.

**4. Katipunang Anakpawis ng Pilipinas (KAP)**

Sa araw ng konggreso ng COF, tinangka ng mga dilawan na agawin ang pamunuan ng COF sa pamamagitan ng pagpapasok ng napakaraming delegado mula sa mga unyong kontrolado nila. Nang sitahin ang kredensyal ng mga ito sa hapag, nagmatigas ang mga dilawang lider kung kaya tumiwalag agad sina Evangelista sa ginaganap na konggreso kasama ang mga delegado ng 27 mula sa 35 unyong may kinatawan sa konggreso. Nahati sa dalawang paksyon ang COF: ang grupo nina Evangelista ay nagtaguyod ng makauring pakikibaka (class struggle) at sa kabilang banda, ang pangkating Tejada-Cristobal-Paguia ay para sa pagsasabwatan ng mga uri (class collaboration).

Labindalawang araw matapos ang kumbensyong ito ng COF, itinatag ng mga progresibong lider at unyon ang Katipunang Anakpawis ng Pilipinas (KAP). Ginanap ang pormal na konggreso nito noong Mayo 29 hanggang Hunyo 11, 1929 at nahalal ang mga tulad nina Jose Hilario, Ora, Cirilo Bognot at Patricio Dionisio. Itinalagang kalihim-pangkalahatan ng KAP si Evangelista, na noon ay kinikilalang pangunahing lider-manggagawa sa bansa. Bagaman nagpatuloy pa rin ang mga naiwang dilawang lider sa COF, unti-unti na itong nalusaw sa paglipat sa KAP ng mga pinakamatatatag na lider at unyon.

Nanindigan ang KAP na: 1) makibaka para bumuti ang kalagayan at pamumuhay ng mga manggagawa at magsasaka; 2) pagkaisahin ang uring manggagawa at makipagkaisa sa mga magsasaka; 3) palaganapin ang prinsipyo ng tunggalian ng uri at itatag ang rebolusyonaryong organisasyon ng mga manggagawa; 4) lubos at kagyat na palayain ang Pilipinas sa kolonyalismo at imperyalismong Amerikano; at 5) makiisa sa rebolusyonaryong kilusan laluna sa mga bansang kolonya at iba pa.

Sumuporta sa KAP ang ibang sektor gaya ng Katipunang Pambansa ng Magbubukid sa Pilipinas (KPMP) at iba pang organisasyong manggagawa gaya ng unyon sa tabako at pederasyon ng mga manggagawang Tsino. Nagkaroon din ng pambansang saklaw ang KAP nang ito ay makipagkapatiran sa Federacion Obrero de Filipinas (FOF) na binubuo ng mga unyon sa Visayas at Mindanao.

Sinikap ng KAP na buuin ang mahigpit na alyansa ng mga manggagawa at magsasaka. Nagbunga ito ng isang malaking demonstrasyon noong Mayo 1929 na inorganisa ng KAP at ng KPMP. Nagsama-sama ang 50,000 manggagawa at magsasaka sa pagpoprotesta sa pagpapalayas sa mga sakahan at pag-aresto sa mga kasamang nagtanggol ng kanilang mga karapatan.

Nagpatuloy din ang pagbubuo ng mga pambansang unyong industriyal. Noong Oktubre 1929, ang mga progresibong lider ng Union Tabaqueros de Filipinas ay higit pang nagpursige upang itayo ang Pambansang Katipunan ng mga Manggagawa sa Industriya ng Tabako (nang lumaon tinawag din itong Federacion de la Obrera Industria de Tabaco de Filipinas o FOITAF). Sinimulan ding buuin ang unyong industriyal ng mga manggagawa sa trosohan na ang nagsilbing grupong bag-as ay ang Mechanical Sawyers' Union na pinamumunuan ni Ora.

Sa ilalim ng KAP, nagkaroon ng panibagong bugso ang mga welga noong dekada 30 laluna sa Kabisayaan, kung saan dating mahina ang kilusang welga kahit malaki ang bilang ng mga manggagawa. Nagwelga amg mga manggagawa sa riles sa Panay noong pinatalsik ang dalawang kasapi ng isang progresibong unyon. Ang 200 manggagawa ng Standard Oil (EXXON) sa Pandacan ay nagwelga rin dahil sa pagtatanggal ng mga manggagawang sumapi sa unyon. Ang resulta nito ay napilitang ibalik ng kumpanyang Amerikano ang mga manggagawang tinanggal.

Mahalaga ring banggitin ang makasaysayang pagkilos ng mga manggagawa sa Negros. Isang libong manggagawa ng Insular Lumber Co. (pag-aari ng Amerikano) ang nagwelga para itaas ang sahod at ayusin ang kalagayan sa trabaho. Tinawag ng kumpanya ang mga gwardya at isang pangkat ng mga pulis upang paalisin ang mga manggagawa mula sa kanilang barracks at paligiran ng alambre ang mga tirahan nila. Ang tindahan ng kumpanya ay sinira upang gutumin ang mga manggagawa. Sa harap ng panunupil, nagputukan ang mga welga sa buong lalawigan ng Negros at Panay

bilang suporta sa mga manggagawa ng Insular Lumber. Ang mga manggagawa sa 6 na daungan ay nagwelga at sumama rin ang mga manggagawa sa 11 sentral ng asukal. Sa kabuuan, 10,000 katao ang lumahok sa nasabing welga. Sa Iloilo, isang pangkalahatang welga ang inilunsad at naparalisa nito ang lahat ng gawaing pangkarga at paghahakot. Ang KAP ay nag-organisa ng isang komite sa Maynila upang tulungan ang mga welgista at upang labanan ang tangkang paghahakot ng mga eskirol papuntang Negros. Dahil sa pagkakaisa ng mga manggagawa, napilitang umatras sa negosasyon ang dilawang unyon ng mandaragat na naglalayong palitan ang mga welgista na kasapi ng unyon. Hindi nagtagal, sumuko rin ang kumpanya ng Insular Lumber at iba pang kumpanya. Nagkaroon ng pansamantalang kasunduan at nakuha ang ilang mahahalagang kahilingan ng mga manggagawa.

Sa regular na konggreso ng KPMP noong Nobyembre 1933, isang pinagsamang pulong ng KAP at ng KPMP ang naganap. Nanawagan dito ang mga delegado ng mga magsasaka at manggagawa para sa nagkakaisang pakikibaka ng lahat ng uring inaapi tungo sa pag-unlad ng kalagayan sa buhay at para sa pambansang paglaya mula sa imperyalismong Amerikano.

Sa mga huling buwan ng 1933, nagkaroon ng 21 welga sa Maynila. Labingsiyam nito ang pinamunuan ng KAP. Ang pinakatampok dito ay ang welga ng 1,000 manggagawa ng Elena Tobacco Factory. Noong Agosto at Setyembre 1934, nagkaroon ng malaking welga ang mga manggagawa ng tabako sa Maynila, Rizal at Bulacan. Sumali ang 11,500 manggagawa ng 17 pinakamalalaking pagawaan ng tabako sa bansa. Ginamit ng mga Amerikano at mga lokal na kasabwat nila ang lahat ng paraan upang pigilin ang welga: pakikipagsabwatan sa mga dilawan, pambobomba ng teargas, maramihang pang-aaresto, pagbaril sa mga welgista at marami pang iba. Ngunit nagtagal ang welga nang 7 araw at natapos sa tagumpay nang makamit ang ilan sa mga kahilingan ng mga welgista. Libo-libo ang nagsidalo sa libing ng mga biktima ng karahasan. Naging okasyon din ito para sa isang malawakang demonstrasyong kinakitaan ng makabayan at militanteng pagkilos noong Setyembre 30, 1934.

**5. Partido Komunista ng Pilipinas (PKP)**

Bagaman hindi ganap na namukadkad ang KAP, nagbigay-daan naman ito sa pagkakabuo ng nilalayong pampulitikang

partido ng mga manggagawa. Bukod sa pagsangga sa matinding panunupil ng gobyerno, inasikaso ng mga lider ng KAP hindi lamang ang pangunguna sa mga welga kundi maging ang pagbubuo ng partidong pampulitika.

Noong Agosto 26, 1930, itinatag nina Evangelista ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at pormal na inilunsad noong Nobyembre 7, 1930 sa isang malaking rali sa Plaza Moriones, Tondo, Maynila. Sa raling ito, ipinaliwanag na ang PKP ang partido ng rebolusyonaryong manggagawa at magbubukid sa Pilipinas. Ayon kay Manahan, lider-magbubukid,"... ang kaliwang bisig ng partido ay ang KPMP at kanan naman ang Katipunang Anakpawis..."

Pangunahing nilayon ng PKP ang pagsusulong ng sosyalistang rebolusyon sa Pilipinas. Ang kagyat na mga layunin nito ay pagpapalaya ng Pilipinas mula sa kontrol ng imperyalismong US. Kabilang dito ang pagpapaalis sa lahat ng dayuhang tropa at pagsasabansa ng mga empresa ng mga imperyalista tungo sa pagtatayo ng demokratikong kapangyarihan ng mamamayang Pilipino. Nanawagan din ito ng pagkumpiska nang walang kapalit o kabayaran sa mga lupa ng asendero at simbahan para sa mga magsasaka at manggagawang bukid.

Madaling nakaakit at sinuportahan ng mga manggagawa at magsasaka ang programa ng PKP. Ikinaalarma ito ng pamahalaang Amerikano upang agad na buwagin ang lumalakas na partido ng mga manggagawa. Marahas na panunupil ang naging aksyon nito sa pagkilos ng mga manggagawa. Noong Mayo 1, 1931, sinalakay ng militar ang mga manggagawang nagmartsa mula sa Caloocan. Sabay-sabay na nireyd ang mga tanggapan ng pangunahing organisasyong masa. Napuno ang bilangguan ng Maynila sa dami ng lider-manggagawang dinakip. Kabilang si Evangelista sa mga ikinulong at pinaratangan ng "sedisyon, rebelyon at ilegal na pagtitipon[12]." Idineklarang ilegal ang PKP noong 1934 gayundin ang mga organisasyong nakapaloob dito.

Hindi rin napigilan, gayunman, ang impluwensya ng PKP sa mga manggagawa at magsasaka. Nagkaroon ng pag-aalsa ang

12 Sa pagtatanggol ni Evangelista sa hukuman, sinabi niyang: "...hindi kami mga repormista. Ang paghahangad ng reporma ay isang kabalintunaan. Ang repormismo, ayon sa kasaysayan, ay katumbas ng pagtataksil sa hangarin ng pagbabago. Ang hindi namin nais at hindi namin pahihintulutan ay ang wasakin ang lipunan; ang nais namin ay muling itayo ito."

mga magsasaka sa Tayug, Pangasinan noong Enero 1931. Nag-alsa din ang mga Sakdalista sa Laguna at Bulacan noong 1935. Sa Timig Katagalugan, pinangunahan ni Teodoro Asedillo ang pag-aalsa laban sa kolonyal na pamahalaang Amerikano. Samantala, nabuo ang Partido Sosyalista ng Pilipinas noong 1932 sa Pampanga at ang organisasyong masa nito na Aguman ding Madlang Tagapag-obra (AMT).

Kasabay ng tumitinding panganib ng pandaigdigang pasimo at pagsambulat ng gyera ng mga kapitalistang bansa, pinasinayaan ang pamahalaang Commonwealth sa Pilipinas noong Nobyembre 1935. Sa panahong ito, lumalakas ang banta ng Pwersang Axis (Japan-Germany-Italy) sa kapangyarihan ng Pwersang Allied (US-France-Great Britain at iba pa). Nanganganib na lusubin ng militaristang Japan ang Pilipinas dahil ito ay kolonya ng US.

Sa direksyon ng US, inilunsad ni Pres. Manuel Quezon ang kanyang programang "Katarungang Panlipunan" (Social Justice) upang makuha ang suporta ng mga anakpawis. Noong 1937, nuling nilegalisa ni Quezon ang PKP at ang mga organisasyong masa subalit kasabay nito ay nagsabatas naman ng mga patakaran upang kontrolin at limitahan ang pagkilos ng mga unyon.

Sa Commonwealth Act 102, itinayo ang Court of Industrial Relations (CIR) na may kapangyarihang pilitin ang isang unyon na humarap sa kumpanya (compulsary arbitration). May kapangyarihan din ang korteng ito na itigil ang anumang welga. Sa Commonwealth Act 213, may kapangyarihan ang kalihim ng paggawa na "linisin" ang kilusang manggagawa.

Ibig sabihin, ihiwalay at supilin ang mga mapanlaban at makabayan. Inimbistigahan ng Philippine Constabulary (PC) ang mga unyon upang tiyakin na ang mga ito ay hindi "subersibo." Ipinarehistro ang mga unyon bago ituring na lehitimong organisasyon na maaaring makipagtawaran sa kapitalista. Marehistro man ang unyon, ito ay maaaring kanselahin ng kalihim ng paggawa. Bukod dito, inutusan ang mga unyon na magsumite ng taunang ulat.

Sa mga patakarang ito, ihinarang ng pamahalaang Quezon ang lahat ng hadlang upang sagkaan ang pagsulong ng tunay na unyonismo sa Pilipinas. Pinahirap at nilagyan ng kung ano-anong

mahihigpit na kundisyon ang likas na karapatan ng manggagawang magwelga at mag-organisa.

Sinikap din ni Quezon na ilagay sa ilalim niya ang kilusang manggagawa sa pagtatayo at pagpopondo ng National Federation of Labor (NFL) na binubuo pangunahin ng mga dilawang lider at mga unyong pinamumunuan nito. Gayunman, ang ganitong pagtatangka ni Quezon ay nauwi sa wala. Sa pagtatayo pa lamang, agad nang nahati ang liderato ng NFL dahil sa pag-aagawan sa poder at pondo ng mga lider na pinili ni Quezon.

Sa kabila ng mga restriksyon, nagtagumpay ang mga progresibong lider na igiit ang pagiging malaya ng kilusang manggagawa sa kontrol ng pamahalaan. Muling nakakilos ang PKP at mga organisasyong masa bilang mga legal na organisasyon. Noong Oktubre 29-31, 1938, nagkaroon ng magkatuwang na kumbensyon sa Manila Grand Opera House ang PKP at ang Partido Sosyalista ng Pilipinas (PSP). Sa kumbensyong ito, pinagkaisahan ng 274 na delegado ang pagbubuo ng Partido Komunista Pilipinas (Pinagsanib na Partido Komunista at Partido Sosyalista). Nahalal sina Evangelista bilang tagapangulo, Pedro Abad Santos bilang pangalawang pangulo at Guillermo Capadocia, kalihim-pangkalahatan.

### 6. Collective Labor Movement (CLM)

Upang makonsolida ang lahat ng progresibong organisasyon, pinangunahan ng mga lider ng PKP-PSP ang pambansang kumbensyon ng mga organisasyong kaanib nito. Umaabot sa 76 na unyon mula sa 9 na malalaking pederasyon ang dumalo sa Manila Grand Opera House upang itatag ang Collective Labor Movement (CLM) noong Hunyo 29, 1939. Hindi nagtagal, tinatayang umabot sa 190,000 manggagawa at magsasaka ang kasapi nito kaya sinasabing ang CLM ang pinakamalaking kumpederasyong paggawa sa kasaysayan.

Ipinaglaban ng CLM ang awtonomya ng mga unyon, mataas na sahod at mahusay na kalagayan sa paggawa, pagbabawal sa mga eskirol at iba pang patungkol sa kalayaang sibil at demokratikong karapatan ng manggagawa at mamamayan. Nanguna ito sa mga welga ng mga manggagawa sa minahan at asukarera, sumunod ang mga manggagawa sa tabako, transportasyon at lagarian. Hindi tulad ng mga nakaraang taon, ang karamihan ng welga ay sistematikong inorganisa ng mga unyon at hindi ispontanyo lamang. Isa sa

pinakamalaking banggaan ng mga manggagawa at pamahalaan ay nangyari noong 1940 sa welga ng mga manggagawa sa Pampanga Sugar Development Corporation (PASUDECO). Hiniling ng 25,000 manggagawa ang pagtataas ng sahod, pag-aalis ng gobernador sa probinsya, pagbuwag ng pangkat Caval[13] na ginamit bilang mga eskirol at goons laban sa mga unyon at pagbuwag din ng special police ng plantasyon.

Bago sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, naglunsad ang CLM ng kilusang boykot sa mga produkto ng imperyalistang Hapon. Isang malaking raling konta-Hapon ang ginanap ng CLM at ng mga alyado nitong organisasyon sa Plaza Moriones, Tondo. nang pumutok ang digmaan, ang CLM ay naging integral na bahagi ng pakikidigmang gerilya laban sa Hapon.

**7. Hukbalahap at Pakikidigma Laban sa Militaristang Hapon**

Ang Hapon (Japan) ay isang umuunlad na kapitalistang bansa katulad ng US na nagsikap makaahon sa krisis noong 1929. Naghanap din ito ng mga atrasadong bansa laluna sa Asya upang mapagkunan ng hilaw na materyales, at mapagtambakan ng sobrang produkto at puhunan. Dahil dito, sumanib ito sa mga pwersang Axis ng Germany at Italy. Layunin nitong makidigma sa ibang bansang tulad ng US, Great Britain at France upang maagaw mula sa mga ito ang mga sakop nitong teritoryo.

Matapos bombahin ang Pilipinas noong Disyembre 1941, sinalakay noong Enero 2, 1942 ng mga tropang Hapones ang Maynila. Ang pananakop ng mga Hapones sa Pilipinas ay bahagi ng kabuuang plano ng militarista at imperyalistang Hapon na gawing mga bagong kolonya ang mga bansa sa Timog Silangang Asya. Wala itong pagkakaiba sa balak ng US nang sakupin ang Pilipinas.

Nahati sa dalawang panig ang mga pulitikong Pilipino ngunit magkatulad silang lahat sa pangangayupapa sa dayuhang kapangyarihan. Sumama ang panig nina Quezon sa imperyalistang Amerikano na tumakas palabas ng bansa. Samantala, nanatili sa Pilipinas ang panig nina Jose Laurel at Manuel Roxas upang maglingkod sa mga Hapones.

---

13 Isang pangkat ng mga bayarang maton na ginamit at inarmasan ng mga may-ari ng asukarera upang maghasik ng lagim at takutin ang mga unyonista. Ito ang sinaunang bersyon ng mga grupong vigilante sa kasalukuyang panahon.

Ayon sa kabuuang plano ng Hapon, magsisilbi ang buong produksyon ng Pilipinas sa pangangailangan ng digmaan. Halimbawa, ang asukarera sa Negros Occidental ay tataniman ng bulak upang tugunan ang pangangailangan sa damit at kasuutan ng mga sundalong Hapones, ang mga sentral ng asukal bilang distilerya ng alkohol upang gamitin sa mga sasakyang pandigma, ang pagtatayo ng mga magagaang na industriya sa pagmamanupaktura ng hilaw na materyales. Bagaman ganito ang plano ng mga mananakop na Hapones, hindi ito gaanong natupad dahil sa matamlay na partisipasyon ng mga magsasaka.

Ibayong paghihirap ang dinanas ng mga manggagawang Pilipino sa panahong ito. Ipinasara ang maraming empresa sa asukal at tabako dahil sa pagkawala ng dayuhang pamilihan; sinira at binuwag ang maraming pagawaan sa mga lunsod at dahil dito ay lumaganap ang kawalan ng trabaho. Ang mga plantasyon ng asukal at tabako ay nasira dala ng pangkalahatang pagkawasak ng agrikultura, kawalan ng trabaho sa ibang rehiyon at kakulangan ng hanapbuhay sa iba. Nagkaroon ng tagsalat sa pagkain at tumaas ang halaga ng mga bilihin.

Ang lahat ng napagtagumpayan ng mga manggagawa ng mga nakaraang taon ay pinawalang saysay ng mga mananakop na Hapones. Pinahaba ang oras ng pagtatrabaho. Lantaran ang sapilitang paggawa. Obligado ang mga mamamayan na sumunod sa mga ipinagagagawa ng mga awtoridad na Hapones. Ginamit ang mga lalaki bilang mga "batalyon ng paggawa" para sa mga proyektong pangmilitar. Sinikap ng mga Hapon na magbuo ng papet na organisasyong pangmanggagawang Central Workers Union subalit wala itong nakuhang suporta sa mga manggagawa.

Agad na kumilos ang mga militanteng unyon upang ipagtanggol ang bayan laban sa bagong mananakop. Ang PKP at iba pang progresibong organisasyon ay bahagi ng malawak na Frente Popular na itinayo laban sa Hapon. Bago pa magkadigma, nagpaabot sina Evangelista ng pasabi kina Quezon at MacArthur sa kahandaan nilang makipagkaisa laban sa Hapon. Subalit hindi ito pinansin ng papatakas na gobyernong Quezon kasama ang mga Amerikano, at napako ang pangako nitong armas at kagamitang pandigma.

Sa mga unang araw ng digmaan, tinugis at hinuli ang mga pangunahing lider-manggagawa. Ikinulong sila sa Fort Santiago na

ginawang garison ng mga tropang Hapones. Kabilang sa mga hinuli at pinatay si Evangelista.

Subalit hindi ito nakapanlumo at bagkus lalo pang nagpaalab ng mapanlabang diwa ng mga manggagawa at magsasaka. Noong Marso 29, 1942, itinayo nila ang Hukbo ng Bayan Laban sa Hapon (Hukbalahap). Kahit nawasak ang mga organisasyon ng mga manggagawa at magsasaka, ang marami sa kanila ay sumapi sa Hukbalahap na inorganisa ng PKP. Kasama ang iba pang mamamayan, naglunsad ng sandatahang pakikibaka ang mga manggagawa. Inorganisa nila ang iba pang mamamayan upang lumaban sa Hapon.

Ang Hukbalahap ay binuo ng kalakhan ng mga manggagawa at magsasaka na may mahabang karanasan sa pakikibaka para sa katarungan at kalayaan. Itinayo nila ang pamahalaan ng taumbayan, ang Barrio United Defense Council (BUDC) na naging mahusay na lihim na organisasyon sa baryo. Kadalasan, ang BUDC mismo ang nasa likod ng mga samahang kapitbahay na itinayo ng mga Hapones. Ang BUDC ay tumulong din sa pangongolekta ng materyales na suporta sa Hukbalahap, pagbubuo ng mga linya ng komunikasyon, paglilitis sa mga traydor at pangangalaga sa kapakanan ng taumbayan.

Ilang buwan pa, nakubkob ng mga Hapones ang mga tropang Amerikano at Pilipino sa Bataan at Corregidor. Matapos ang magiting na pagtatanggol, sumuko ang mga ito at pinaglakad mula Bataan hanggang Capas, Tarlac na tinaguriang Martsa ng Kamatayan (Death March). Ang ibang Pilipino at mangilan-ngilang Amerikano ay tumakas, at tulad ng Hukbalahap, ay naglunsad din ng pakikidigmang gerilya.

Mula noon, mga gerilya na ang matatag na nakipaglaban sa mga Hapones. Nanguna ang Hukbalahap na siyang pinakaorganisado at malawak na lambat ng suporta ng taumbayan. Dahil sa mataas na kamulatang pampulitika at uring pinagmulan, hindi alintana ng Hukbalahap ang hirap at sakripisyo. Tumampok at hinangaan ang mga kumander na Huk na karamihan ay mga lider-manggagawa bago magkadigma. Naging epektibo at nagdulot ng malaking pinsala sa mga Hapones ang mga pananambang at taktikang hit-and-run ng mga Huk.

Nagbunga ang ibayong paglaban ng taumbayan sa pamumuno ng Hukbalahap at PKP. Napaurong ang mga tropang

Hapones at naagaw ang kanilang mga kuta at garison. Napalaya ng Hukbalahap ang halos buong rehiyon ng Gitnang Luson. Dito itinayo ang pamahalaan ng taumbayan sa mga lalawigan ng Silangang Katagalugan.

Ang pagtatayo ng demokratikong pamahalaan sa mga bayan ay naganap sa pamamagitan ng demokratiko at malayang eleksyon. Nagkaroon ang taumbayan ng tunay na pamahalaang nagtatanggol sa kanilang interes. Kinumpiska ng mga komite ng mamamayan ang mga lupa ng ilang asendero at ipinamahagi sa mga magsasaka. Pinanatili ang demokratikong kaayusan sa mga rehiyong pinalaya. Nagpadala rin ang Hukbalahap ng mga armadong yunit sa Maynila at Silangang Katagalugan.

Ngunit tulad noong panahon ng Espanyol, muling pumasok sa eksena ang mga tropang Amerikano sa yugtong maramihan na ang pagsuko at pag-urong ng mga Hapones. Bumalik ang mga mananakop na Amerikano sa Pilipinas upang muling itatag ang kanilang paghahari.

Noon pa mang panahon ng pananakop ng Hapon sa bansa, tiniyak na ng pamahalaang Amerikano ang pagbabalik ng kanilang kontrol sa Pilipinas. Ginamit ang mga yunit ng US Armed Forces in the Far East (USAFFE) upang tiktikan hindi lamang ang mga kilos ng Hapon kundi maging ng Hukbalahap. Nagpakalat sila ng pananaw na umasa sa "pagpapalaya sa Pilipinas ng pwersa ni MacArthur" nang patalo na ang Hapon. Dahil dito, karamihan ay hindi nakapaghanda sa muling panghihimasok ng mga mananakop na Amerikano.

Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, lumitaw ang US bilang pinakamalakas na pandaigdigang kapangyarihan. Ang mga monopolyo-kapitalista ng bansang ito ay nagtangkang magpatuloy ng kanilang pagkakamal ng malalaking tubo mula sa paghahari sa buong daigdig.

May dalawang direksyon ang kanilang plano. Ang una ay nakatuon sa karibal nilang mga monopolyo-kapitalista sa mga mauunlad na bansa sa Europa at Asya gaya ng Great Britain, France, Germany at Japan. Ginamit ang "tulong" ng US sa mga bansang ito bilang paraan upang kontrolin ang kanilang mga ekonomya. Ang "tulong" ng pamahalaang Amerikano sa Alemanya at Hapon ay nagdulot ng pagkontrol nila sa ekonomya at pulitika ng mga bansang ito.

Ang ikalawang direksyon ay nakatuon sa mga bansang mahihirap na mapagkukunan ng mga hilaw na sangkap. Sa pamamagitang muli ng "tulong" para sa mga nawasak na ekonomya ng mga bansang gaya ng Pilipinas, nagtangka ang monopolyong Amerikano sa pagpapatuloy ng kontrol sa ekonomya, gawin itong tambakan ng kanilang mga produkto, pagkunan ng hilaw na materyales at bukas na larangan para sa puhunang Amerikano. Upang panatilihin ang ganitong kontrol, naging tuntungan ang Pilipinas sa balak ng imperyalismong US sa Asya. Pumasok ang pangangailangan ng mga base militar.

Nagkaroon ng ilang pagbabago sa patakaran at taktika ng imperyalismo sa pangkalahatan, at ng imperyalismong US sa partikular. Kung dati-rati ay naging gawi na ng mga imperyalista ang tuwirang pananakop sa mga kolonya, kalaunan ay ipinatupad nila ang di-tuwirang pagkontrol sa mahihirap na bansa. Ang patakaran ni Roxas at iba pang mga sumunod na presidente ng papet na republika ay nakapaloob at nakaayon sa ganitong neo-kolonyalistang patakaran. Sa halip na gamitin ang kalagayan pagkatapos ng digmaan bilang pagkakataon ng pagtahak sa landas ng tunay na kasarinlan at demokrasya, pinili ng mga pulitikong ito na lalo pang sumiksik sa kasunduan ng mga imperyalista. Sa dikta ng imperyalistang US, pinagtibay ang Bell Trade Act, US-RP Military Bases Agreement at US-RP Military Pact na pawang nagtali sa Pilipinas sa kontrol ng US.

Sa tangkang linlangin at pahirapan ang mga mamamayan, kunwa'y ibinigay ng pamahalaang Amerikano ang kalayaan ng Pilipinas noong Hulyo, 1946. Ngunit ito ay nangyari matapos tiyaking patuloy nilang makokontrol ang Pilipinas sa pamamagitan ng sabwatan sa mga pulitikong papet na nakaupo sa pamahalaan.

Sa gobyerno mismo, laganap ang katiwalian ng mga nakaupong opisyales. Ang mga kandidato ng Alyansang Demokratiko ay pinatalsik lahat dahil sa pagtutol nila sa mga di-pantay na kasunduan.

Muling isinuko ng mga taksil na Pilipino ang bansa sa imperyalistang Amerikano. Hinimok nila ang mga Hukbalahap na magsuko ng kanilang armas at kapag hindi ay minamasaker tulad ng ginawang pagpaslang ng mga sundalong Amerikano sa maraming manggagawa at magsasakang kasapi ng Squadron 77, isang yunit ng Hukbalahap na inalisan ng armas.

Malawakan ang ginawang pagsupil ng Military Police at Civilian Guards (dating USAFFE) sa mga nalalabing pwersa ng Hukbalahap. Maraming paglikas, panununog at pandarambong ang isinagawa. Nasalanta ang mga bayang tulad ng Nueva Ecija, Pampanga, Tarlac at Bulacan. Marami ang inaresto, ikinulong at pinahirapan. Bukod dito, di mabilang ang kaso ng mga taong nawala na lamang. Sumuko na ang mga Hapon subalit hindi pa tapos ang pakikidigma ng mga Amerikano.

## 8. CLO: Pagpapatuloy ng Militante at Rebolusyonaryong Unyonismo Mula sa Labi ng Digmaan

Muling bumangon ang kilusang manggagawa sa labi ng digmaan at sa harap ng panlilinlang ng imperyalismong US. Noong Abril 1945, itinatag ng mga dati at bagong lider-manggagawa ang Committee of Labor Organizations sa pangunguna nina Cipriano Cid, pambansang tagapangulo; Capadocia, pangalawang tagapangulo; Manuel Joven, kalihim; Felixberto Olalia Sr., ingat-yaman (at sa kalaunan ay magkakaroon ng natatanging papel sa kasaysayan ng militanteng unyonismo); Mariano Balgos; Amado Hernandez; at Pedro Castro. Ang komiteng ito ay lumaganap at sa loob lamang ng maikling panahon ay naging Congress of Labor Organizations (CLO). Noong 1947, si Cid ay pinalitan ni Hernandez na pangulo din ng bagong tatag na Philippine Newspaper Guild (PNG). Ayon sa rekord ng Asian Labor Education Center (ALEC), ang CLO ay may 78 kasaping unyon at 100,000 myembro.

Buong tapang na ipinaglaban ng CLO ang karapatan ng mga manggagawa. Iginiit nito ang pambansang kasarinlan mula sa imperyalismong US at itinaguyod ang sosyalismo bilang lipunan sa hinaharap. Tinutulan ng CLO ang mga patakarang makadayuhan at kontramamamayan tulad ng Bell Trade Act, Parity Rights at iba pang hindi pantay na tratadong tinanggap ng papet na gobyerno.

Sa unang taon ng pagkakatatag, pinamunuan ng CLO ang may 49 welga na nilahukan ng 40,000 manggagawa sa iba't ibang industriya. Maraming welga ang nagtagumpay, isa na rito ang sa Manila Railroad Company na nakakuha ng 100% dagdag na sahod. Naipagtagumpay din ang welga sa pagawaan at lunsaran ng barkong pandigma ng US; gayundin sa Franklin Baker, isang korporasyong multinasyonal. Noong 1948, nagwelga ang CLO sa Philippine Refining Company, Manila Trading Company, Luzon Stevedoring Company, Benguet Consolidated Mines at iba pa. Nang

sumunod na taon, may 83 welga ang CLO na nilahukan ng 45,000 manggagawa. Halos 42% ng mga kaso sa CIR at 50% ng mga welga sa Maynila ay sa CLO. Ang karaniwang isyu ng mga ito ay pagtaas ng sahod, bayad sa overtime at 8 oras na paggawa.

Ang CLO ay nag-organisa din sa mga linya ng industriya tulad ng Union de Impresores de Filipinas, Federacion Obrera de la Industria Tabaquiero de Filipinas, Metropolitan Water Districts Workers Union at Association of Oil Workers. Ang iba pa ay ang Seamen and Dockworkers Union, Shoe and Slippers Workers, Deep Sea Fishermen, Auto Transportation Workers, Cast Iron Workers and Lumber Workers. Mayroon din itong ugnayan sa Tenant and Peasant Working Union.

Sa Kabisayaan, ang FOF ay muling binuo at pinatatag sa ilalim ng pamumuno nina Nava at mga dating tagapag-organisa ng CLO. May 70,000 manggagawa ang kasapi nito.

Nagtatag ang CLO ng isang Workers' Institute para sa pagpapanday ng mga lider at pagpapaunlad ng pampulitikang kamalayan ng manggagawa. Mayroon din itong political action committee na nanaliksik at nag-aaral ng sitwasyon ng bansa at ng kilusang paggawa. Naglabas ang mga ito ng mga babasahin na tinalakay sa mga rali at iba pang pulong. Nag-organisa rin ang CLO sa mga walang hanapbuhay at mga malamanggagawa.

Sumulong ang CLO bilang sentro ng kilusang manggagawa na may pambansang saklaw. Ito ay nagsilbing mabisang sandata ng uring manggagawa sa pagsusulong ng pangkabuhayang kagalingan at paggigiit ng tunay na kalayaan ng sambayanan. Napagbuklod ng CLO ang mga manggagawa tungo sa pagkakaisa ng layunin. (Abangan ang ikalawang bahagi-ed)

## Sanggunian


Abadilla, Bayani S.; "Kalayaan at Kilusang Paggawa", *Bisig*, Enero-Marso 1988, Palimbagan ng Polytechnic University of the Philippines Institute of Labor and Industrial Relations (PUP-ILIR), Maynila

Ambrosio, Dante; *Militanteng Kilusang Manggagawa sa Kamaynilaan: 1972-1982 Paghupa, Pag-ahon, Pag-agos*, masteral thesis, University of the Philippines, Diliman, Quezon City: March 1992

Angeles, Leonora C.; "Women's Roles and Status in the Philippines: A Historical Perspective", *Readings on Women and Society*, Women Springbook

Baylosis, Rafael; *Hinggil sa Repormismo at Rebolusyon(ismo): Mga Tala sa Pag-aaral*, 12 Abril 1994, Cebu City

Confederation for Unity, Recognition and Advancement of Goverment Employees (COURAGE), *PSU Basic Course on Public Sector Unionism*, Quezon City: 1992

Chapman, William; *Inside the Philippine Revolution*, New York, London:1987

Guevarra, Dante; *Manggagawa sa Kasaysayan*, Institute of Labor and Industrial Relations ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

Guevarra, Dante; *Unyonismo sa Pilipinas*, PUP-ILIR, 1989

Institute of Industrial Relations, *Labor's Legislative Agenda*, U.P. Diliman, Quezon City: 1987

International Confederation of Free Trade Unions, *Collective Bargaining* (Completely Revised), Labor Relations Series, Belgium: 1973

Isla, Estrella V.; "Kababaihan sa Lakas-Paggawa", *Bisig*, Enero-Marso 1988, PUP-ILIR, Maynila

John Paul II, *Laborem Excercens*, Encyclical Letter of the Supreme Pontiff on Human Work, Daughters of St. Paul Media Center, Pasay, Metro Manila

Jose, Segundino R.; "Manggagawang Menor de Edad", *Bisig*, Enero-Marso 1988, PUP-ILIR, Maynila

Kerkvliet, Melinda Tria; *Manila Workers Union* 1900-150, New Day Publishers, Quezon City, 1992

Ramos, Elias T.; *Dualistic Unionism and Industrial Relations*, New Day Publishers of the Christian Literature Society of the Philippines, Inc. Quezon City: 1990

Ramos, Elias T.; *Philippine Labor Movement in Transition*, Quezon City: 1976

Reyes, Jun Cruz; *Mga Daluyong, Mga Unos sa Panahon ni Rolando Olalia*, Kalikasan Press, 1989, Sampaloc, Maynila

Salgado, Pedro V.,O.P.; *Social Science for Filipinos*, Quezon City and Legazpi City: 1988

Salgado, Pedro V., O.P., *The Philippine Economy, History and Analysis*, Quezon City, 1985

Saulo, Alfredo; *Communism in the Philippines*: An Introduction, Ateneo Publications Office, 1969

Scipes, Kim; "Social Movement Unionism and the Kilusang Mayo Uno", *Kasarinlan*, Third World Studies Center, University of the Philippines, Vol. 7 Nos. 2 & 3, 1992

Sison, Jose Ma. at Werning, Rainer; *The Philippine Revolution: The Leaders' View*, Taylor and Francis Press, New York Inc., 1989

Sison, Jose Ma.; *Struggle for Nationalism and Democracy*, Amado V. Hernandez Memorial Foundation, 1972

Tatang; *Sa Tungki ng Ilong ng Kaaway: Talambuhay ni Tatang*, LINANG, Metro Manila, 1988

*Unionism in the Public Sector: Quo Vadis?*, Philippine Journal of Labor and Industrial Relations, Vol. XI, No. 2, University of the Philippines, Quezon City: 1989

Villegas, Edberto M.; *Studies in Philippine Political Economy* (Revised dition), Silangan Publishers, Phils.: 1983

Villegas, Edberto M.; *The Political Economy of Philippine Labor Laws*, Foundation for Nationalist Studies, Quezon City, 1988